

Ang Programa ng California sa Pagsusuri Bago Manganak (Prenatal Screening)

Pagsusuri para sa karagdagang mga genetiko na kondisyon

Simula noong sa Abril 1, 2024, ang Programa ng California sa Pagsusuri Bago Manganak (California Prenatal Screening o PNS Program) ay magdadagdag ng pagkakaiba-iba ng X at Y na kromosoma sa listahan ng mga kondisyong masusuri ng programa.

Ang [Programang California sa Pagsusuri Bago Manganak \(California Prenatal Screening PNS Program\)](#) ay isang boluntaryong programa na inaalok ng iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis. Ang pagsusuri bago manganak ay nagsusuri sa mga genetiko na kondisyon at mga depekto sa kapanganakan ng iyong sanggol sa sinapupunan (lumalaking sanggol).

Ang Programang PNS ay patuloy na magsusuri para sa Down syndrome (trisomy 21), trisomy 18, trisomy 13, at mga depekto sa neural tube - tulad ng spina bifida.

Ano ang mga bagong genetiko na kondisyon na idinagdag sa panel ng pagsusuri ng Programang PNS?

Ang Programang PNS ay nagsusuri para sa apat na pinakakaraniwang kombinasyon ng X at Y na kromosoma:

- Turner syndrome
- XXY (Klinefelter)
- Trisomy X
- XYY

Maaaring tukuyin ng iyong tagapagkaloob ang "mga iba-ibang X at Y na kromosoma" bilang "sex chromosome aneuploidies (SCAs)"

Mga pagkakaiba-iba ng X at Y na kromosoma	Deskripsyon
<ul style="list-style-type: none">• Turner syndrome	Ang genetiko na kondisyong ito ay maaaring magdulot ng banayad na pagka-antala sa pag-unlad, mga kapansanan sa pag-aaral o pagkatuto, pagkabansot, pagkabaog, at mga depekto sa puso.
<ul style="list-style-type: none">• XXY (Klinefelter)• Trisomy X• XYY	Ang mga genetiko na kondisyong na ito ay nagdudulot ng mga iba-ibang sintomas depende sa tao. May mga indibidwal na walang kapansin-pansing sintomas. Sa iba, maaaring kabilang sa mga epekto ang mga pagka-antala sa pag-unlad at mga kapansanan sa pag-aaral o pagkatuto. Ang mga indibidwal ay madalas na tumutugon nang maayos sa mga serbisyo ng maagang interbensyon tulad ng terapiya sa pananalita.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga iba-ibang kombinasyon ng X at Y na kromosoma, mangyaring makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis at bisitahin ang go.cdph.ca.gov/MyScreening.

Ano ang sanhi ng pagkakaiba-iba ng X at Y na kromosoma?

Ang mga kromosoma ay siyang gumagabay sa pag-unlad ng sanggol sa sinapupunan at matatagpuan sa bawat selula sa katawan. Kadalasan mayroong dalawang kopya ng bawat kromosoma. Gayunpaman, sa mga bihirang sitwasyon, ang bilang ng mga kromosoma ay nag-iiba. Pagdating sa mga X at Y na mga kromosoma, ang karaniwang disensyo ay XX o XY. Ang sanggol sa sinapupunan na may ibang kombinasyon ng X at Y na kromosoma ay may disenyo na iba sa XX o XY. Ang mga pagkakaiba-iba ng X at Y na kromosoma ay hindi karaniwang makikita sa mga pamilya at kadalasan ay nangyayari sa hindi inaasahang pagkakataon.

Kailangan mo bang ipasuri ang sanggol sa iyong sinapupunan para sa mga pagkakaiba-iba ng X at Y na kromosoma?

Hindi. Kung gagawin mo man o hindi ang pagsusuri bago manganak, ito ay **desisyon mo**. Kung pipiliin mo ang pagsusuri bago manganak, inirerekomenda namin ang pagkuha ng pagsusuri sa pamamagitan ng Programang PNS. Kasama sa panel ng Programang PNS ang pagsusuri para sa mga pagkakaiba-iba ng X at Y na kromosoma.

go.cdph.ca.gov/MyScreening

Paano mo masusuri ang sanggol sa iyong sinapupunan para sa mga pagkakaiba-iba ng X at Y na kromosoma?

Ginagawa ito sa pamamagitan ng isa sa mga pagsusuri na inaalok ng Programang PNS na tinatawag na cell-free DNA (cfDNA) na pagsusuri. Sasabihin sa iyo ng pagsusuri kung may mas mataas na tsansa na ang iyong sanggol ay mayroong pagkaka-iba sa X at Y na kromosoma pati na rin ang Down syndrome (trisomy 21), trisomy 18, o trisomy 13. Sinusuri ng pagsusuri sa maternal serum alpha-fetoprotein (MSAFP) ang mga depekto sa neural tube. Inirerekomenda namin ang pagkuha ng parehong pagsusuri – ang cfDNA at MSAFP na mga pagsusuri.

Ano ang mangyayari kung ang iyong pagsusuri ay nagpapakita ng mas mataas na tsansa para sa pagkaka-iba ng X at Y na kromosoma?

Ang pagsusuri bago manganak para sa pagkaka-iba ng X at Y na kromosoma ay maaaring hindi kasing-tumpak ng pagsusuri para sa iba pang genetiko na kondisyon at mga depekto ng kapanganakan sa Programang PNS. Kung ang pagsusuri sa pamamagitan ng Programang PNS ay nakakita ng mas mataas na tsansa ng isang pagkaka-iba sa X at Y na kromosoma, kailangan ng diyagnostikong pagsusuri upang kumpirmahin ang resulta. Ang Programang PNS ay nag-aalok ng mga panunubaybay na serbisyo nang walang karagdagang gastos.

Ang pagsusuri sa pagkakaiba-iba ng X at Y na kromosoma ay maaaring magbunyag ng kasarian ng sanggol sa sinapupunan

Kung magpasya kang kumuha ng pagsusuri bago manganak, maaari mong piliing malaman o hindi ang posibleng kasarian ng iyong sanggol. Kung nakakuha ka ng resulta ng pagsusuri na nagpapakita ng mas mataas na tsansa para sa mga pagkakaiba-iba ng X at Y na kromosoma, malamang na kakailanganing ibunyag ang posibleng kasarian ng sanggol kapag tinatalakay ang mga resulta ng pagsusuri. Makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis tungkol dito.

Bakit ako dapat kumuha ng pagsusuri bago manganak sa pamamagitan ng Programang PNS?

Ang ilang mga umaasang maging magulang ay gustong malaman hangga't maaari tungkol sa kanilang sanggol sa panahon ng pagbubuntis.

- Ang Programang PNS ay nagbibigay sa mga buntis na indibidwal ng opsyon na makakuha ng mataas na kalidad na pagsusuri bago manganak **sa mababa o walang gastos**.
- Kung lumahok ang mga indibidwal sa Programang PNS, matatanggap nila ang mga panunubaybay na serbisyo nang **walang karagdagang gastos**. Ang mga panunubaybay na serbisyo ay magagamit para sa mga indibidwal na nasuri sa pamamagitan ng programa na nakatanggap ng mga resulta ng mas mataas na tsansa sa isa (o higit pa) sa mga kondisyon na nasuri. Kasama sa mga panunubaybay na serbisyong ito ang pagpapayo sa genetiko, pagsusuri sa ultrasound, at diyagnostikong pagsusuri (chorionic villus sampling [CVS] o amniocentesis).

Ano ang halaga ng pagsusuri sa pamamagitan ng Programang PNS?

Ang mga bayarin ay \$232 para sa cfDNA na pagsusuri at \$85 para sa MSAFP na pagsusuri. Ang bayarin sa pagsusuri sa cfDNA ay tataas sa \$344 simula Hulyo 1, 2024.

Halos lahat ng mga kalahok sa programa ay hindi sila mismo ang nagbabayad ng mga bayaring ito. Dapat sakupin ng Medi-Cal o pribadong segurong pangkalusugan ang mga bayarin sa programa na may ilang mga eksepsyon lamang para sa mga nagtatrabaho sa sarili na may sariling seguro at mga planong pangkalusugan sa labas ng estado. Walang co-payment, co-insurance, deductible, o anumang iba pang anyo ng bahagi sa gastos (cost sharing) na kinakailangan para sa mga pamilyang may saklaw na seguro.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga pagkaka-iba ng X at Y na kromosoma, mangyaring makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa pagbubuntis at bisitahin ang go.cdph.ca.gov/MyScreening.

